



MICHELLE BAASS
DIRECTOR

State of California—Health and Human Services Agency
Department of Health Care Services



GAVIN NEWSOM
GOVERNOR

Mahalagang balita tungkol sa mga pagtaas sa mga limitasyon sa asset ng Medi-Cal

Minamahal na Aplikante ng Medi-Cal:

Itinataas ng isang bagong batas sa California ang kabuuang halaga ng mga asset (ari-arian at pera) na puwedeng taglayin ng isang tao o pamilya at maging kwalipikado pa rin para sa Medi-Cal. Kasama sa mga asset na binibilang namin ang mga account sa bangko, pera, mga pangalawang sasakyan at bahay, at iba pang pinagkakakitaan.

Tataas ang mga limitasyon ng asset para sa Medi-Cal sa Hulyo 1, 2022

Ang mga limitasyon para sa mga asset na binibilang namin kapag nagpasiya kami kung kwalipikado ka para sa Medi-Cal ay tataas sa **Hulyo 1, 2022**. Nakadepende ang mga halaga sa bilang ng mga tao sa iyong sambahayan:

Bilang ng mga tao sa sambahayan	Mga dating limitasyon sa asset	Mga bagong limitasyon sa asset
1 tao	\$2,000	\$130,000
2 tao (dating “mag-asawa”)	\$3,000	\$195,000
Bawat dagdag na tao (hanggang sa 1 tao)	\$150	\$65,000

Kung nag-apply ka para sa Medi-Cal sa buwan ng Hunyo, bago ang Hunyo 30, 2022, at ang mga asset mo ay mas mataas kaysa sa dating limitasyon sa asset, pagpapasiyahan ng iyong county ang pagiging karapat-dapat mo para sa Hulyo 2022. Kung inaprubahan namin ang iyong Medi-Cal sa o pagkalipas ng Hulyo 1, 2022, padadalhan ka namin ng sulat para sabihin sa iyo ang desisyon namin.

Kung ang mga asset mo ay mas mataas sa limitasyon upang maging kwalipikado para sa Medi-Cal mula Enero 1, 2022 hanggang Hunyo 30, 2022 pero mas mababa kaysa sa bagong limitasyon sa asset, maaari ka nang maging kwalipikado para sa Medi-Cal. Kung sa palagay mo ay totoo ito para sa iyo, puwede kang mag-apply muli para sa Medi-Cal:

- **Sa personal o sa pamamagitan ng telepono.** Pumunta o tumawag sa lokal na opisina ng iyong county.

- **Sa pamamagitan ng sulat o online.** Hanapin ang aplikasyon sa website ng Covered California sa <https://www.coveredca.com>. Isumite ang aplikasyon online o i-print at ipadala ito sa lokal na opisina ng iyong county.

Nakalakis sa sulat na ito ang listahan ng mga lokal na opisina ng county. O pumunta sa website ng DHCS sa <https://www.dhcs.ca.gov/services/medical/Pages/CountyOffices.aspx>.

Mga tanong?

Kung may mga tanong ka tungkol sa pagbabagong ito o kailangan mo ng tulong, makipag-ugnayan sa lokal na opisina ng iyong county. Para sa mga pangkalahatang tanong tungkol sa Medi-Cal, tumawag sa Medi-Cal Helpline sa **1-800-541-5555**. Libre ang tawag.

Salamat,

Department of Health Care Services
Estado ng California